

ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN: NANGUNGUNANG 5 KATOTOHANAN TUNGKOL SA PUBLIC CHARGE

Marso 2021

Alamin ang mga katotohanan, magplano, at ibalita sa kaibigan. Nag-aalala ang ibang tao tungkol sa pag-a-apply para sa mga pampublikong benepisyo para sa kanilang mga kwalipikadong kapamilya, tulad ng mga bata, nang dahil sa sarili nilang status sa imigrasyon. May mga karapatan ka sa bansang ito saan ka man ipinanganak. Hinihikayat ka naming alamin pa ang tungkol sa iyong sitwasyon.

Ang public charge ang salita sa batas sa imigrasyon na naglalarawan sa isang tao na pangunahing nakadepende sa pamahalaan para sa suporta. Sinusuri ng mga opisyal ng imigrasyon ang mga aplikasyon para sa mga visa at green card para tiyakin kung ang isang tao ay posibleng maging isang public charge, batay sa kita ng indibidwal, edad, laki ng pamilya, kalusugan, edukasyon, trabaho, at sinumpaang pahayag para sa suporta (kontrata sa sponsor).

1

HINDI NALALAPAT SA LAHAT ANG PUBLIC CHARGE. Hindi apektado ang mga refugee, asylee, maraming survivor ng trafficking, domestikong karahasan at ibang matitinding krimen, at iba pang "humanitarian" na imigrante. Hindi nahaharap ang mga lawful permanent resident (o mga taong may "mga green card") sa mga pagsusuri sa public charge maliban kung umalis sila sa US nang higit sa 180 araw at nagbabalik muli.

2

HINDI NAKAKAAPEKTO ANG KARAMIHAN NG PAMPUBLIKONG BENEPISYO SA STATUS SA IMIGRASYON NG ISANG TAO. Ang mga sumusunod na benepisyo ay HINDI ISINASAALANG-ALANG sa pagdedesisyon sa public charge:

- Mga programa sa nutrisyon at tulong sa pabahay kasama ang SNAP, WIC, School meals, Seksyon 8 at Pampublikong Pabahay;
- Mga cash na pagbabayad para sa partikular na layunin tulad ng tulong sa pagbabayad sa kuryente sa bahay o childcare;
- Relief para sa emergency na kalamidad, kabilang ang tulong sa pandemya at COVID-19 tulad ng pagpapasuri para sa COVID-19, pagpapagamot, mga bakuna, mga payment check dahil sa epekto sa ekonomiya (mga stimulus check), isang beses na pinansyal na tulong, at mga programa sa pagkain tulad ng P-EBT;
- Mga pangkomunidad na serbisyo tulad ng mga food bank at matutuluyan;
- Isinasaalang-alang lamang ang Medicaid at ibang programa sa pangangalagang pangkalusugan kapag ang mga ito ang nagbabayad para sa pangmatagalang pangangalaga, tulad ng sa nursing home;
- Mga "nakuhang" benepisyo tulad ng mga benepisyo mula sa Social Security, pagreretiro, at beterano.

3

ILANG MGA BENEPISYO LAMANG ANG ISINASAALANG-ALANG SA PAGSUSURI SA PUBLIC CHARGE. Narito ang mga benepisyong ito:

- Cash na tulong na layon para sa pagbabayad sa tuloy-tuloy na mga gastos sa pamumuhay, tulad ng SSI o TANF; at
- Pangmatagalan na institusyonal na pangangalaga na binabayaran ng Medicaid o iba pang programa ng pamahalaan.

Kung ginamit mo ang mga partikular na programang ito dati, may pagkakataon ka pa rin ipakita na posibleng hindi ka magiging isang public charge. Dapat suriin ng mga opisyal ng imigrasyon ang lahat ng sitwasyon mo kapag sinusuri nila ang iyong aplikasyon para sa green card o visa. Kabilang dito ang iyong edad, kalusugan, kita, mga asset, mga mapagkukunan, edukasyon/skills, pamilyang susuportahan mo, at pamilya na magsusuporta sa iyo.

4

HINDI MAKAKAAPEKTO ANG MGA HINDI CASH NA BENEPISYO SA IYONG STATUS SA IMIGRASYON. Maaaring mag-apply ang mga kapamilya pati na ang mga bata para sa mga pampublikong benepisyo na makakatulong sa kanilang umunlad. May isang exception - maaaring isaalang-alang na iyong nag-iisang pinagkukunan ng suporta kung nakadepende ka sa tinatanggap na cash assistance ng iyong kapamilya tulad ng SSI o TANK.

5

PROTEKTADO ANG IYONG PERSONAL NA IMPORMASYON. Sa pangkalahatan,

prinoprotektahan ng mga batas ng pederal at estado ang privacy ng mga tanong nag-a-apply para sa o tumatanggap ng mga pampublikong benepisyo. Hindi dapat itanong sa mga aplikasyon para sa mga pampublikong programa ang impormasyon tungkol sa status sa imigrasyon ng isang taong hindi nag-a-apply na makakuha ng mga benepisyo na hindi para sa kanila mismo.

Maaaring lang ibahagi ng mga pangbenepisyong ahensya ang impormasyon sa iba pang ahensya ng pamahalaan para sa mga layunin ng pagpapatakbo ng kanilang mga programa, na may mga limitadong exception. Mga kinakailangang impormasyon lamang ang dapat mong ibigay sa aplikasyon.

**ALAMIN ANG MGA KATOTOHANAN, MAGPLANO.
KALAKASAN ANG PAGKAKAROON NG KAALAMAN!**

**KUNIN ANG LIBRENG PERSONALIZED SCREENING.
BISITAHIN ANG WWW.KEEPYOURBENEFITS.ORG**

Alamin pa kung nalalapat ba sa iyo ang mga patakarang ito. Kung mag-a-apply ka ng green card mo sa nalalapit na panahon, makipag-usap sa iyong abogado para malaman kung paano maaaring makaapekto sa iyo o sa iyong pamilya ang mga pagbabagong ito. Kung kailangan mo ng libre o murang babayaran na tulong para sa legal, maghanap ng mga serbisyo malapit sa iyo sa: <https://www.immigrationadvocates.org/legaldirectory/>.